

## PAGKAKAISA SA PANALANGIN

**Review:** Ang lalim ng ating panalangin ay nakabatay sa lalim ng ating \_\_\_\_\_ sa isa't isa.

### Focus on God

Ngayon ay titingnan natin ang isa pang katangiang kailangan ng mabisang sama-samang panalangin.

1. Ang mga mananampalataya ay dapat na nagkakaisa sa sama-samang panalangin. Sa maraming okasyon sa aklat ng Mga Gawa makikita nating ang mga tagasunod ni Cristo ay nagkakaisa. Acts 1:14, 2:1, 2:46, 4:24, 5:12, 15:25. Ang pagkakaisang ito ay nangangahulugang “pagkakaisa sa hangarin, layunin, at pag-ibig.” Dalawang beses binanggit na ang pagkakaisa nila ay sa panalangin (Acts 1:14; 4:24). Sa dalawang beses na iyon nakita ang makapangyarihang pagkilos ng Diyos pagkatapos ng kanilang “prayer meeting.” Sinabi ni T. W. Hunt, “The higher the unity, the more powerful the prayer.” Nalulugod ang Diyos kapag ang kanyang mga anak ay nagsasama-sama at nagkakaisa sa panalangin. Kaya naman sinasagot niya ang nagkakaisang panalangin.
2. Ang pagkakaisa ay nangangailangan ng malalim na pag-ibig sa isa't isa. Karaniwan, hinuhubog muna ng Diyos ang puso natin para sa isa't isa bago niya tayo bigyan ng isang napakahalagang gawain. Ipinagkakaisa niya muna tayo. Pinagsasama-sama niya ang ating mga puso, mga hangarin, mga layunin, at mga karanasan upang ang ating pag-ibig sa isa't isa ay lumalim. Habang kasama ni Jesus ang kanyang mga alagad, kumikilos ang Diyos sa puso nila para sa isa't isa; at pagkatapos nito ay ibinigay niya ang kanyang Espiritu noong sila ay nagkakatipun-tipon sa araw ng Pentecostes. Hindi ba't napakalaking kagalakan ang nararanasan ng sinumang gumagawa ng kalooban ng Diyos nang hindi nag-iisa kung kasama at kaisa ang mga kapatid kay Cristo?
3. Ang nagkakaisang pagsasama-sama ay nangangailangan ng isang layunin at gawaing itinalaga ng Diyos. Magiging buhay at mabisa ang panalangin ng ating iglesia kung mayroon tayong iisang layunin sa buhay at alam natin ang malinaw na gawaing itinalaga sa atin ng Diyos. Halimbawa, alam ng 120 alagad ni Jesus ang pagdating ng Espiritu Santo kaya't itinalaga nila ang kanilang mga sarili sa panalangin hanggang dumating ang Espiritu (Acts 1:14 – 2:1). Pagkatapos na sila'y pagbantaan ng mga pinuno ng mga Judio, nanalangin sila na pagkalooban ng katapangan sa pangangaral dahil alam nilang ang pangangaral tungkol kay Cristo ang gawaing itinalaga sa kanila ng Diyos (Acts 4:24-31). Naranasan ng mga mananampalataya ang pagkakaisa dahil sila ay pinagkaisa ng Diyos sa iisang layunin. Karaniwan sa mga iglesia ngayon, wala sa kanila ang pangunahing layunin na hanapin ang kaharian ng Diyos at ang malinaw na direksiyong ibinibigay ng Diyos kung paano iyon gagawin. Makikita sa panalangin natin kung tayo ay patungo sa isang direksiyong kasama ang Diyos, isang direksiyong galing mismo sa Diyos.

### Responding to God

1. Nakikita mo bang malinaw ang isang tiyak na gawaing ibinigay ng Diyos para sa ating iglesia? Kung hindi, hilingin sa Diyos na maging malinaw ito sa iyo.
2. Ilan sa mga kapatid natin sa iglesia ang masasabi mong mayroon ka nang malalim na relasyon? Nararanasan mo ba ang kagalakan ng paglilingkod kasama ang iba? Ipalitanag.
3. Maglaan ng oras ng pagtugon sa Diyos. Purihin at pasalamat siya sa kanyang mga ginawa noong mga nakaraang araw. Ipanalangin ang tungkol sa naunang dalawang bilang.



### Kingdom Prayer List

1. Paglagong espirituwal ng bawat isa.
2. Mga pangangailangan sa iglesia.
3. Malinaw at tiyak na gawaing ipinapagawa ng Diyos.
4. Revival sa mga miyembro ng iglesia.
5. Mga pagkakataong maibahagi ang ebanghelyo sa iba.



**Present Your Requests:** Manalangin sa inyong grupo para sa mga personal na kahilingan.



<sup>1</sup> Franklin, John, *Dynamic Prayer Meeting Study Guide*, ©2005 LifeWay Christian Resources, Translated to Filipino by Derick Parfan (Available at [http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF\\_PDF\\_PrayerMeetingGuide\\_Franklin.pdf](http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF_PDF_PrayerMeetingGuide_Franklin.pdf)).

